NATIONAL IMMIGRATION LAW CENTER

# May Mga Karapatan ang mga Humahawak ng Green Card!

## *Humaharap Din Sila Sa Panganib*

**Protektahan ang Sarili Ngayon!**
Basahin ang Gabay na ito upang malaman:
- ang sinasabi ng kasalukuyang batas,
- ang iyong mga karapatan ayon sa batas, at
- paano ibaba ang iyong panganib at gumawa ng planong pangkaligtasan.

**Alerto sa Komunidad!** Kung ikaw ay may green card (legal na permanenteng residente) maaaring nasa panganib ka para sa detensiyon o deportasyon. Ang administrasyon ni Trump ay nagbababala na sinisiyasat nila ang **lahat** ng record ng krimen ng may green card at ang kanilang social media para sa di-gustong aktibidad na pampulitika, at inaasinta ang ilang may green card para sa detensiyon at deportasyon.

Tandaan: Ang gabay na ito ay nagkakaloob ng pangkalahatang impormasyon. Ito ay hindi isang payong pambatas na ispesipiko sa iyong kalagayan.

### Sino ang nanganganib para sa deportasyon ngayon?

Ikaw ay maaaring nanganganib ngayon kung ikaw ay may green card at ikaw ay:
- May nakaraang **pagkahatol sa krimen**, kahit na para sa maliit na bagay na tulad ng marihuwana.
- **Nagpahayag ng mga ideya** o lumahok sa mga protesta na hindi gusto ng administrasyon ni Trump. Sinasabi ng administrasyon ni Trump na ang mga aksyon at ideya na ito ay banta sa pambansang seguridad.
- Gumugol **ng higit sa 180 araw (patuloy)** sa labas ng U.S.

Kung ikaw ay nasa isa sa tatlong kategoryang ito, ikaw ay maaaring may pinakamalaking panganib para sa detensiyon kung ikaw ay:
- Nag-aaplay para sa pagigiging mamamayan (naturalisasyon) ng U.S.
- Naglalakbay. Kabilang dito ang:
  - paglalakbay sa loob ng U.S., lalo na sa eruplano
  - paglalakbay sa labas ng continental U.S., tulad ng Hawaii o Puerto Rico,
  - paglalakbay sa ibang mga bansa, at
  - pagtawid sa mga checkpoint ng imigrasyon.

### Anong pagkahatol sa krimen ang naglalagay sa panganib sa may hawak ng green card?

Maaring ikulong ng ICE at tangkaing ipatapon ang mga may green card para sa pagkahatol na may kaugnayan sa:
- Mga droga, kabilang ang marihuwana (kahit na ito ay legal sa iyong estado)
- Mga baril
- Karahasan sa tahanan, pang-aabuso sa bata, o paglabag sa utos na nagpoprotekta
- "Imoral na kilos," tulad ng pagnanakaw, shoplifting, atakeng may layuning manakit, o pandaraya (2 pagkakasala kung ito ay menor na krimen, o 1 pagkakasala kung ang krimen ay mas seryoso)
- Anumang "grabeng felony," lalo na ang mga hatol na may sentensiya (o sinuspindeng sentensiya) na 1 taon o higit
- Anumang hindi totoong claim sa pagiging mamamayan ng U.S., tulad ng kapag nag-aaplay para sa lisensiya sa pagmamaneho

Binago noong Agosto 2025

## Ano ang pagkahatol?

Sa korteng pangkrimen, ang ilang pagkakasala ay hindi na ibinibilang na ”mga pagkahatol” kung ang ito ay inalis o iniurong pagkatapos ng programang paglihis. Pero ang sistema ng imigrasyon ay nagpapalagay pa rin na ang ilan sa mga pagkakasalang ito ay mga pagkahatol.

## Paano kung ako ay may isa lamang pagkahatol sa marihuwana?

Kung ikaw ay **nasa U.S.** at walang ibang mga krimen sa iyong rekord, **hindi** ka nila maaaring ipatapon para sa isang pagkahatol lamang na pagdadala ng kaunting marihuwana. Pero kung ikaw ay *bumabalik* sa U.S., ikaw ay **maaaring** ikulong at ipatapon kung ikaw ay may isang menor na kaso na pagdadala ng marihuwana, o kung ikaw ay umamin sa pagdadala o paggamit ng marihuwana o ginawa ito sa nakaraan.

## Paano naman ang mga aktibidad na pampulitika?

Kahit na may green card ka, maaari kang ikulong ng ICE at tangkaing ipatapon ka sa pamamagitan ng pagsasabing ikaw ay panganib sa pambansang seguridad ng U.S. o sangkot sa “mga aktibidad ng terorista.” Halimbawa, tinangka nilang ipatapon ang aktibistang si Mahmoud Khalil para sa aktibong pagsuporta sa mga karapatang pantao ng mga Palestinian.

Sinasabi nila **—kahit walang ebidensiya—** na:

- Ikaw ay konektado sa isang gang o organisasyon ng kriminal na itinuturing nilang isang “isang organisasyon ng banyagang terorista,” tulad ng mga gang na Haitians Viv Ansanm at Gran Grif o isang organisasyon ng kriminal na Latin Amerikano, tulad ng Tren de Aragua o MS-13; o
- Nagsinungaling ka tungkoi sa iyong kaugnayan sa krimen sa iyong aplikasyon para sa green card.

## Paano kung gumugol ako ng “masyadong maraming” panahon sa labas ng U.S.?

- Maaaring alisin sa iyo ang iyong green card kung gumugol ka ng higit sa 6 na buwan nang magkakasunod sa labas ng U.S. Maaari ka nilang pigilan at taunugnin sa paliparan.
- Maaaring alisin sa iyo ang iyong green card kung gumugol ka ng higit sa 1 taon (nang patuloy) sa labas ng U.S.

## Maaari ba akong maglakbay sa labas ng United States sa isang green card?

Ang paglalakbay sa ibang bansa ay maaaring mapanganib, lalo na kung ikaw ay nasa tatlong kategorya ng panganib na nakalista sa itaas. Pagbalik o pagtawid mo sa hangganan, ang CBP (Proteksyon ng Adwana at Hangganan) ay maaaring magpadala sa iyo sa “sekundaryong inspeksiyon.” Maaari ka nilang tanungin doon, at maaari nilang tangkain na ikulong at ipatapon ka.

Kahit na dala mo ang iyong green card, sa ilang pagkakataon sinasabi ng CBP na pinahihintulutan silang ikulong at ipatapon ka dahil ikaw at “naghahangad pumasok sa U.S.”

Ang iyong panganib ay mas malaki kung:

- Ikaw ay nasa labas ng U.S. nang higit sa 180 araw nang magkakasunod
- Naniniwala sila na ikaw “lumalahok sa Ilegal na aktibidad” pagkatapos lumabas ng U.S.
- Ikaw ay may bukas na kaso sa korte nang lumabas ka ng U.S.

- Gumawa ka ng isang krimen, tulad ng *anumang* pagkakasalang kaugnay ng droga (walang eksepsyon para sa marihuwana), pagnanakaw, pandaraya, atake, prostituayon, o ibang mga pagkakasala na may kaugnayan sa hindi matapat o imoral na kilos.

Maaari ka ring ikulong na CBP sa Paliparan at puwersahin kang pirmahan ang Form I-407. Ang pagpirma sa Form na ito ay nangangahulugang "inabandona" o isinuko mo na ang iyong katayuan na legal na permanenteng residente. Maaaring sabihin ng CBP na ang pagpirma sa form na ito ay maglalabas sa iyo mula sa detensiyon. Pero ang tunay na kahulugan nito ay mawawala ang iyong katayuan na may green card. Kung ito ay mangyari sa iyo, hind mo kailangang pirmahan ang dokumentong ito. May Karapatan kang depensahan ang iyong green card sa harap ng hukom sa imigrasyon.

## Paano kung ang aking green card ay "may kondisyon?"

Kung ikaw ay ikinasal nang wala pang 2 taon mula nang nakuha mo ang iyong green card sa pamamagitan ng iyong asawang mamamayan ng U.S., ikaw ay maaaring mayroon pang "may-kondisyon" na green card. Ang iyong may-kondisyon na green card ay may bisa para sa 2 taon, pero kailangan mong mag-aplay upang gawin itong "permanenteng" green card. Ang panahon ng aplikasyon ay nagsisimula 90 araw bago ito mawalan ng bisa.

Ang mga humahawak ng may-kondisyon na green card ay may mga karapatan at humaharap sa mga panganib na katulad ng ibang mga humahawak ng green card. Pero maaari ka nilang ipatapon nang mas mabilis. Maging mas maingat sa pag-unawa sa iyong mga karapatan at panganib.

| Gumawa ng planong pangkaligtasan ngayon! | |
|---|---|
| | **Makipag-usap sa isang abogado sa imigrasyon NGAYON**. Kung ikaw ay may rekord ng krimen, makipag-usap sa isang abogado sa imigrasyon na may kadalubhasaan sa batas sa krimen. Magtanong tungkol sa iyong mga panganib, opsyon, at mga karapatan ayon sa batas. Itanong kung magiging kwalipikado ka para lumaya sa pamamagitan ng piyansa kung ikaw ay makulong. |
| | **Sauluhin ang mga numero ng telepono** ng mga taong maaaring kailanganin mong tawagan kung ikaw ay makulong, tulad ng isang kamag-anak, pinagkakatiwalaang kaibigan, o isang abogado. Siguruhin na nasa kanila ang iyong A-number – ito ay nasa iyong green card.<br>Gumawa ng **panghaliling plano** tungkol sa kung paano magkaloob sa mga mahal sa buhay kung ikaw ay makulong**.** |
| | Panatilihin ang iyong **mahahalagang papel**, tulad ng mga sertipiko ng kapanganakan at mga papel sa imigrasyon sa isang ligtas na lugar. Sabihin sa isang kamag-anak o kaibigan kung saan mo inilagay ang mga papel na ito upang makuha mo ang mga ito kung kailangan. |
| | Sabihin sa iyong mga mahal sa buhay na magagamit nila ang link na ito upang mahanap ka kung ikaw ay makulong:<br>ICE: locator.ice.gov/odls/#/search |

## Alamin ang iyong mga karapatan!

Kung ikaw ay may green card, ikaw ay mga karapatan ayon sa konstitusyon, kabilang ang karapatan sa malayang pagsasalita, angkop na pagdinig, at pantay na proteksiyon.

*Kung ikaw ay nasa paliparan,* ikaw ay may karapatang:

- **hindi** sagutin ang mga tanong tungkol sa mga paniniwalang pampulitika o panrelihiyon, o ang iyong mga nakaraang kilos o aktibidad.
- **hindi** pirmahan ang anumang mga dokumento. *Huwag* pirmahan ang anumang nagsusuko ng iyong katayuan ng legal na permanenteng residente.

Maaari mong hilingin na makipag-usap sa isang abogado, pero hindi kailangang ipahintulot ito ng pamahalaan. Pero kung magtatangka silang ipatapon ka, may karapatan kang makipagkita sa isang hukom sa imigrasyon. Basahin ang iba tungkol sa iyong mga karapatan sa paliparan dito.

*Ikung ikaw ay nasa detensiyon ng ICE* at hindi sa "sapilitang detensiyon," ikaw ay kwalipikadong palayain "sa pamamagitan ng piyansa." Dapat sabihin sa iyo ng ICE kung ikaw ay kwalipikadong palayain sa pamamagitan ng piyansa sa loob ng 48 oras pagkatapos kang arestuhin.

Kung sinabi ng ICE na hindi ka maaaring palayain sa pamamagitan ng piyansa, o ito ay nagtatag ng mataas na piyansa, maaari kang humingi sa hukom sa imigrasyon ng isang pagdinig tungkol sa piyansa.

*Kung ang pamahalaan ay nagsimula ng isang kaso para sa deportasyon,* may karapatan ka sa isang pagdinig sa isang hukom sa imigrasyon. May karapatan ka nasaan ka man – sa paliparan, sa hangganan, o sa loob ng U.S.

Ang hukom sa imigrasyon ay magsasaalang-alang sa ebidensiya mula sa pamahalaan at mula sa iyo. Upang magpatuloy sa kaso nito laban s aiyo, dapat patunayan ng pamahalaan na ikaw ay *maipapatapon* o *hindi maaaring papasukin*. Responsibilidad mo na sabihin sa hukom kung plano mong gumawa ng depensa sa deportasyon tulad ng paghingi ng pangkansela ng pagtanggal o asylum.

***Mahalaga!*** Hindi nila maaaring alisin ang iyong katayuan na may green card nang hindi nagbibigay sa iyo ng pagkakataong ilaban ang iyong kaso sa korte ng imigrasyon.

*Kung ikaw ay humaharap sa deportasyon,* makipag-usap sa isang abogado.  Maaaring makadepensa ka laban sa deportasyon sa pamamagitan ng paghingi ng:

- pagkansela ng pagtanggal o*
- asylum o ibang makataong proteksiyon.

*Ikaw ay kwalipikado lamang para sa pagkansela ng pagtanggal kung ikaw ay nanirahan sa U.S. nang hindi kukulangin sa 7 taon, at may green card nang hindi kukulangin sa 5 taon, at walang pagkahatol na "grabeng felony" sa iyong rekord.